

# Chapter One



Isa isang baby crib ay nakatunganga ang isang batang babae na may isang taon pa lang, nakakapit sa gilid na railings ng crib, pilit na tumatayo at inaabot ang maliit na rattle na hawak-hawak ng isang walong taong batang lalaki. Nagbe-baby talk ang huli, mukhang giliw na giliw sa reaksyon ng maliit na baby na may manipis na buhok na tinali sa ribbonette.

“Baby, baby, kunin mo ‘to, o. Wah!”

Tumawa ang baby, lumabas ang dalawang maliit na ngipin sa gitna. Inilapit ni William ang rattle, at makukuha na sana ng kamay ng batang babae nang bigla niyang bawiin ang

hawak. “Wah!”

Napaatungal ang paslit na babae nang hindi nakuha ang gusto. Nabitiwan ng dalawang kamay nito ang railings at dahil hindi pa masyadong makatayo ay napahiga pabalik sa crib. Akala ni William, iiyak lang doon ang bata. Ngunit parang nagulat lang ito, tumigil sa pag-iyak at pagkuwa’y gumapang ulit.

Napapunta ito sa gilid saka unti-unting tumayo gamit ang suporta ng railings. Nagtaka ang batang si William, at pagkaraan ay parang nanggigil na inulit ang ginawa kanina. Sa pagtataka niya, hindi na ito umiyak, sa halip ay pinapanood siya ng maliliit na mata nito, ngumiti ito at tumawa.

“Walong taon lang naman, Amy.” Humigop ng kape si Antonette. Nasa veranda ito at nakatuon ang mga mata sa glass panel kung saan makikita ang baby crib ni Jasmine. Pawang mga lawyer ang mga asawa nila, at best friends rin ang mga lalaki sa law school pa lang noon.

“Torpe kasi si Sam, ang tagal nag-propose sa ‘yo, eh!”

“Torpe nga,” amused na tawa ng treinta años na si Amy, naalala ang kapanahunan nila noong kolehiyo pa sila. Tuwing nanliligaw si

Arthur kay Antonette, lagi nitong alalay si Sam kaya napipilitan silang mag-partners noon. Dahil istrikto ang parents ni Antonette, hindi ito nakakalabas nang walang bodyguard. Siya ang ginagawa nitong alibi noon, na mamamasyal daw sila o gagawa ng project.

Anim na taon na si William, anak nina Antonette at Arthur, nang unang magpakita ng motibo si Sam kay Amy. Humigop ng kape ang babae, sinuri ang anak ni Antonette na mukhang giliw na giliw na kalaro si Jasmine.

“Actually, hindi ba’t isa sa mga pangarap natin noon na kung may anak tayo, sana’y maipakasal sila sa isa’t isa? Parang ang saya, ano? Legal na tayong magkapamilya.”

“Kung ganoo’y tatawagin na ba kitang ‘Kumadre’?”

Napamaang si Amy sa narinig. “G-gusto mo bang ipagkasundo natin ang mga bata?”

Napakibit-balikat lamang si Antonette ngunit napangiti. “Sasabihin ko kay Arthur mamaya, sasabihin ulit niyang wala na naman akong mapaglaanan ng oras ko. P-pero aminin na natin, Amy, gusto naman natin ‘yun, hindi ba?”

Napangiti na rin si Amy, “Matatawa na

naman si Sam sa pinaplano natin!”



*Fifteen years later...*

Napakaganda niya sa suot na puting corset wedding gown na may mahabang veil na humahalik sa red carpet habang naglalakad siya. Nakaayos ang buhok niyang may nakalagay na diamond-beaded tiara. Kumikinang sa backlight ng sinag ng araw ang kanyang pigurang nakasuot ng traje de boda. Pumapainlanlang ang musika mula sa choir habang naglalakad siya palapit sa nakangiting lalaking iyon, sa napakaguwapong groom na nakasuot ng itim na tuxedo...

“I do...” halinghing niya at kumibot ang mga labi, mataas na mataas ‘yung kibot ng labi. That guy’s head bent at mas ikinibot niya ang labi. May humalik sa kanya, malakas.

*Hmm... Umulit iyon pero masakit na. Aray ko po!*

Napadilat si Jasmine sa palibot ng malakas na tawanan ng mga kaklase niya. Nakadikit sa nguso niya ang dulo ng isang mahabang ruler.

“Miss Ferrer! Senior ka na, pero mukhang day one ay plakadong-plakadong valedictorian ka na sa pagtulog at pagde-daydream!”

Nakakunot ang face ni Miss Minchin. Kasi naman, pati sa bangungot ay wala yatang lalaking may planong humalik dito.

Napasimangot si Jasmine. Inayos niya ang mahabang buhok na may ilang strands na nakadikit sa gilid ng labi niya, mukhang nadikit dahil sa laway. Kinalabit siya ng seatmate niyang si Nichola.

*Ano ba naman itong best friend ko?! Hindi ako ginising.*

“Sorry, nagde-daydream rin kasi ako. Nagsusulat ako ng love story n’yo ni William—“ bulong nito, itinaas ang isang ballpen na may feathers.

“Miss Ferrer, tumayo ka! Sagutin mo ‘yung equation sa blackboard, within one minute, dali!”

Kumibot ang mga labi niya. Ang malas naman! Napatitig siya sa blackboard. Alam niyang wala siyang maisasagot sa Math problem. Ba’t kasi titig siya nang titig kay William kagabi sa wedding anniversary celebration ni Tita Antonette at ang asawa nito? Halos macaroni lang kinain niya sa kakatunganga sa lalaki, pero macaroni tidbits na lang ang nginunguya niya. Hindi pa niya isinusubo ay wasak na iyon ng

tinidor niya, dinudurog niya ng tinidor habang nakatingin kay Amber, ang best friend ni William na daig pa ang haliparot sa pagbulong-bulong sa lalaki. Ayaw sana siyang isama ng mama niya, pero sinabi niyang nalipat ng schedule ang exercise exam nila sa Math.

Ang sagap niya, ngayong tapos na rin ang masteral studies ni William na kinuha nito matapos mag-graduate ilang taon na ang nakakalipas noon, binibingwit na ito bilang panibagong professor sa university kung saan ito nagtapos rin bilang *summa cum laude*. Ang pagkakaalam niya, graduate si William sa...

Napatayo si Jasmine at napatili. Alam na niya! Magkokolehiyo siya kung saan ito magtuturo! Ang galing-galing talaga niya!

Magte-take siya ng entrance exams sa university na iyon!

Napatitig siya ulit sa blackboard.

Pero medyo may kahinaan pala ang utak niya. Hindi siya papasa ever sa university na iyon! Napatili siya ulit sa harap ng teacher nila nang ma-realize iyon.

Malakas na tawanan ang narinig sa buong klase. Napatigil lang ang mga kaklase niya nang magtaas ng kamay si Darren, ang maangas na

bad boy ng section nila at knight in shining armor niya.

“Ma’am! Sasagutin ko na lang po ang equation para kay Jasmine—” maangas nitong anunsyo sa klase. Napasipol ang mga fans nila.

*Ang asungot! Nakikialam na naman!*

In fairness, kahit pa mukhang gabi-gabi ay nakikipagsuntukan ito sa kung saang abandonadong warehouse ay lumalabas na ito pa rin ang may pinakamataas na grade sa mga exams. Ito ang valedictorian nila sa klase. Ang tsismis, genius daw talaga itong si Darren. Naduslak lang talaga sa paglaki ng ulo nito at mukhang nagoyo ng mga kabarkadang pasaway.

Wala pang isang minuto, puno na ng equation ang buong blackboard. Naghiyawan ang lahat puwera sa guro nila.

“Miss Ferrer, mabuti’t may tagapagligtas ka ngayon, pero sigurado ka bang ga-graduate ka sa high school? Sigurado ka bang papasa ka sa final exams?” ani Miss Minchin.

*Eh, nagpapatawa pala itong teacher na ito. Binugahan niya ng hangin ang bangs niya. Ga-graduate ako. Oo, ga-graduate ako dahil kelangan kong magkolehiyo!*

“Aba’t...! Darren, akin na ‘yan!” Inagaw ni

Jasmine ang libro niya sa Physics na di naman niya binabasa. Palamuti lang sa locker niya.

“Sinabi ko naman, di ba, p’wede mo ‘kong i-hire na tutor. Libre ‘yun, walang bayad. Aminin na natin, Jasmine, kelangan mo ako.” Napatawa si Darren at napakamot sa ulo. Matangkad ito, moreno at may tatlong piercing sa tainga. He looked brooding and carried his signature foxy smile, ibang-iba kay William.

Hindi niya alam kung ano ang nakita ni Darren sa kanya. Siguro na-challenge ito; siya lang kasi ang hindi nahuhulog sa mga pagpapacute nito. At bukod sa best friend niyang si Nichola, siya lang ang hindi naapektuhan sa galaw nito.

Hindi naapektuhan, kasi may laman na itong musmos niyang puso. Si William. *My secret fiancé...*

Oo, fiancé niya. Alam niya ang tungkol doon. Bata pa siya noon at nasa grade five nang hindi niya sinasadyang marinig ang usapan ng mga magulang niya sa kusina. Hatinggabi na iyon at lihim siyang bumaba para magnakaw lang ng ice cream sa refrigerator. Ayun, may usapan na pala ang dalawang pamilya na baka raw ipagkasundo sila ni William pag nasa



tamang edad na sila. Pero lumaking matalino si William at umarangkada sa academics kaya ayaw munang istorbohin o takutin nina Tita Antonette.

Narinig pa niyang sinabi ng mommy niya na kung may mamanugangin lang daw ito, pangarap nito na si William na iyon. Bawat bisita ni William noon sa bahay nila, mapa-Pasko o New Year o birthday niya, puring-puri ito ng mama niya.

Naalala niya noon na parang asong ginugulo pa ni William ang buhok niya pag binibigyan siya nito ng malaking lollipop. Pero nang lumaon, malaki ang ipinagbago nito, lalo na noong naging best friend nito si Amber. Minsan ngang bumisita si William sa bahay nila ay kasama nito si Amber. Napalapit pa noon sa kanya ang babae, sinabing ang 'cute' niya daw at inutusan siyang tawagin itong 'ate'.

*Never! Ikaw kaya mag-ate sa 'kin?* May isang taong tanda si William kay Amber, kaya magiging ate na rin siya pag asawa na niya si William. Gusto na niyang lumaki, gusto na niyang mag-debut. Gusto na niyang tingnan siya ni William bilang dalaga. Gusto na niyang bumilis ang oras, dahil wala na siyang inisip

kundi kailan siya madadapuan ng pansin ni William.

Kaya pinagbuti ni Jasmine ang sarili. Hindi nga lang sa academics o para sa pansarili niya. Lahat ng cookbooks ay binabasa niya, may skill rin naman siya kahit papaano sa pagluluto... at paglilinis ng kuwarto niya. Lahat ng Health and Home Section sa mga bookstores at magazines tungkol sa relationships ay magiliw niyang binabasa. At lahat ng iyon ay bilang paghahanda para sa taong pinapangarap niya!



Isang araw ay parehong nakatanggap ng tawag sina Jasmine at William habang nasa magkaibang lugar sila. Isang masamang balita ang nalaman nila at kinailangan nilang magtungo sa ospital.

Humihingal na nagpang-abot sila ni William sa labas ng operating room. Nakita nilang magkatabing nakaupo ang mga ama nila. At bago pa man sila makapagsalitang dalawa, napatayo na ang mga ginoo at sabay pa ang mga ito nang sila ay niyakap. Isang minuto pa, pumalahaw ng impit na iyak si Jasmine habang tumulo naman ang isang luha mula kay William.

Wala na sa mundo ang noon ay laging magkasamang nagkakape na sina Amy at Antonette. Magkasama ang dalawa nang masawi sa isang aksidente.



Matapos ng isang buwan...

“Lubos naming ikinalulungkot ni Sam ang pagkawala ng mga mama n’yo sa aksidente na iyon, at napagdesisyunan naming magkumpare na hindi kami matatahimik kung hindi namin ipagtatapat sa inyo ang lahat at kung hindi namin matutupad ang mga hiling hiling ng mga asawa namin. William, Jasmine...”

Kasalukuyan silang nasa pamamahay ng mga Villegas. Nasa isang round table sila at kaharap ang ama niyang si Sam at si Tito Arthur na ama naman ni William. Magkatabi silang nakaupo ni William. Si Tito Arthur ang nagsasalita.

“Gusto naming sabihin sa inyo na noon pa lang, gusto na kayong ipagkasundo ng mga mama n’yo. Mag-aasawa kayo sa tamang panahon, pag nakatapos na ng kolehiyo si Jasmine. At kahit ayaw n’yo pa, hindi namin babaliin ang mga hiling ng yumao naming minamahal.”

Hindi alam ni Jasmine kung ano ang magiging reaction. Gustong tumalon bigla ng puso niya! Alam niya sa sarili niya na nalulungkot siya sa lahat ng nangyari, pero nang sabihin iyon ni Tito Arthur, bigla siyang napalingson kay William.

Kumunot ang noo ang noo ng binata sa narinig mula sa ama nito. “W-what?”

“Oo, ikakasal tayo,” tango niya, “Fiancé na kita, actually, bata pa tayo,” dagdag supply niya at napalingson sa amang si Sam na lumaki ang mga mata. “Alam ko na po! A-at para kay Mama,” biglang naging malumanay ang boses niya, “ay gagawin ko po ‘yun.”

William’s already white face became more ashen. Maputi ito, matangkad at katamtaman ang taas. He was neat and his fashion was conservative but comfortable. Kalkulado ang mga kilos nito, at madalas ay tahimik at parang malamig lang. Minsan, sa sobrang lamig nito sa iba, madalas na maturingang masungit.

“S-si Jasmine?” maang nito at saglit na napalingson sa kanya. “Nababaliw na ba kayo? She’s nothing more to me than just my little sister! Are you gonna make me commit incest?”

*Incest. Little sister. Ouch!*

Napatayo ang binata habang umiiling saka napatawa nang mapakla. And to their amazement, itinuro nito si Jasmine. “I will never be this child’s fiancé! You must be all out of your mind!” Tinalikuran sila nito pagkasabi niyon.

Naging stoic ang mukha ni Jasmine. Basted agad-agad?

# Chapter Two



| sang lalaking nakasuot ng necktie, puting polo shirt, brown slacks at isang pares ng makintab na itim na sapatos ang naglalakad sa loob ng auditorium. Damang-damang niya ang titig ng mga estudyante sa kanya, lahat ay nagbubulungan kung sinong professor siya dahil mukhang napakabata niya. Dumaan siya sa paunang stretch ng mga silyang naka-reserve para sa mga guro ng university.

Bago pa man siya makaupo ay may kumalabit na sa kanya sa likod, isang babaeng lagpas na yata sa treinta ang edad, nakasuot ng blue pencil skirt at halos lumuwa na ang cleavage sa revealing cut shirt nito.

“Hi, I’m Ms. Paula from Student Affairs Department. I believe ikaw ‘yung bagong professor sa College ng Social Sciences?”

Napatango si William, at isang segundo pa’y binigyan na siya ng pamphlet ng program ng Freshmen’s Welcome Day. Pinaupo siya ng babae sa gilid nito. Ito raw ang emcee ng program at nag-umpisang magkuwento sa kanya. Ilang sandali pa’y puno na ng mga tao ang auditorium. May mga estudyante pang may bitbit na welcome banners.

Iniwang na siya si Ms. Paula para mag-ready sa program. Isang kakosa niya sa department na baguhan ring professor noong naging senior college student siya ang lumapit sa kanya, si Jeff. Philippine History ang hawak nitong subject, habang siya, Politics naman ang sisimulang ituro.

Sa tingin niya, makakasundo niya ang lalaki.

Thirty minutes into the program, umalis muna si William upang bumili ng mineral water sa vending machine. Bumalik siya sa kanyang upuan at sinimulang buksan ang tab ng bote. Pagkainom niya ng tubig ay halos mailuwa niya sa katabing si Jeff ang laman ng bibig niya.

Napataas ang mukha niya sa podium, hindi

makapaniwala sa naabutan niyang nagbibigay ng speech!



Isang evil at amused smirk ang pinakawalan ni Jasmine. She stood at the podium; siya bilang si Jasmine Ferrer ang nakakuha ng pinakamataas na marka sa lahat ng estudyanteng kumuha ng entrance examinations sa university na iyon. Kitang-kita niya ang pagmaang ni William sa kanya, na nakaupo sa tapat lang ng podium.

Lihim siyang tumawa. *Magaling, William! Akala mo siguro matatakanan mo ako, ano! Ang kampakante mo siguro, dahil alam mo ang feedback tungkol sa akin sa high school, na bobita ako. Kampanteng-kampakante ka siguro na never mo makikita ni toenails ko sa vicinity ng akala mong prestigious university na 'to!*

*Puwes, alam mo ba'ng ginawa ko? Sa kauna-unahang beses sa buhay ko, nagsunog ako ng kilay, hindi ako natulog hangga't hindi ko memoryado lahat ng equations, pati scientific theories.*

“At ang inspirasyon ko po, sa pagsisikap ng pag-aaral ay ang aking fiancé...” Impromptu ang speech niya nang abisuhan siyang magbigay niyon dahil siya ang may highest rating at para magbigay ng inspiration sa kapwa freshman niya.



“Kung hindi po dahil sa kanya...” Sinulyapan niya si William at hindi nakatiis ay pasimpleng dinilaan ito na ikinalaki ng mga mata nito. “...wala po ako sa harap n’yo ngayon!” Napatingin siya sa crowd na medyo napanganga sa tinuran niya, ang iba ay nagbulungan. Nagulat yata ang mga ito sa nalamang may fiancé na siya.

“Opo,” masaya niyang confirm ulit, “may fiancé na po ako, ipinagkasundo kami ng mga mama namin, mga bata pa lang kami. At para kay Mama, tutuparin ko po ang pangarap niya, para sa amin ng fiancé ko na nandito po at nakaupo ngayon!”

Sa gulat niya ay biglang napatayo si William.

“Ah, este, nakatayo po pala ngayon!” pagtatama niya. Muling nagulat ang crowd at nagkabalian ng leeg, tinitingnan ang mga katabi, lalo na ng mga kumpunan ng seniors na nakatayo sa gilid.

Mukhang nagulat rin si William kaya napaupo ulit ito.

“Teka, umupo siya ulit!” habol ni Jasmine.

Obviously, mukhang na-magnet ang iilang titig sa kakaupong bulto ni William.

Ngunit bigla niyang naalala ang payo ng Papa Sam niya at ni Tito Arthur: “*Hija, papayag*

*kaming mag-aral ka sa university kung saan magtuturo si William, para mapalapit ka sa kanya at makita niyang maayos ka namang tao, mamonitor mo rin ang galaw niya. Pero isa lang ang hihilingin namin; para rin sa trabaho ni William, hindi mo p'wedeng ipagkalat sa buong eskuwela na fiancé mo siya. P'wede mo lang 'yung ipagtapat pag graduate ka na. Alam mo naman, bawal ang teacher-student relationship, hindi ba?*

*“Ang dapat lang nilang malaman, malapit na magkaibigan ang pamilya n’yo, hanggang doon lang.”*

Patay! Bukod sa ginulat niya si William ay baka katayin na siya nito mamaya! May rescue line dapat siya...

Sa pagkamangha ng lahat ay biglang may tumayo mula sa kumpulan ng mga freshmen. Napataas ito ng kamay, at sa halos isang cadet officer na boses ay may inanunsyo.

“Ako po si Darren! At ako ang inspirasyon ng pinakamatalino at pinakamagandang estudyante sa university na ito. Huwag po kayong mag-alala, iingatan ko po si Jasmine Ferrer, bago po kami umabot sa tamang edad para magapakasal!”

Sa isang iglap pa, napuno ng hiyawan ng mga

estudyante ang buong auditorium. Mukhang na-excite sa panibagong love team na aabangan sa university. Manghang-mangha ang mga professors, at bakas ang pagkalito na biglang lumarawan sa mukhang iyon ni William.

Bumulong sa kanya si Jeff, “Ibang-iba na talaga’ng mga kabataan ngayon, ano? Que bata pa ay may mga fiancé nang nalalaman? Sayang, maganda pa naman!”

Napabalik ang titig ni William sa nagulat ring si Jasmine. Hindi niya alam kung sino ang una niyang dapat sana ay nabugahan ng tubig, ang babaeng nasa podium ba o ang katabi niyang lalaki.

“Ah, mali! Hindi po siya—” tangkang paliwanag ni Jasmine sa naganap na anunsyo, ngunit naagaw na ng emcee rito ang microphone. Napairap ang huli sa babae at sinabing malapit na ang lunchtime. Tinapunan tuloy ng masamang tingin ni Jasmine si Darren. Ang kumag! Hanggang dito ba naman ay sinundan pala siya?

Patungo na siya ng hagdanan ng stage na buwisit na buwisit sa na-interrupt na maganda na sanang speech niya nang hagilapin niya ulit ng tingin si William. Patay-mali rin siya nitong

tinitigan, at bago pa man siya mag-iwas ng tingin ay nauna na nitong naiiwas ang ulo sa kanya, na animo'y walang nangyari. Nahuli pa niya ang pagngiti nito sa katabi at ang pagtango-tango.

*Hay, William! Wala kang takas sa 'kin, makikita at makikita mo lagi ang mukha ko. Excited na 'ko. Matititigan na kita nang matagal for free! Parang tanga siyang biglang kinilig, at di na napansin ang hagdanan, kaya napangudngod ang mukha niya pababa!*



Hindi malaman ni William kung ganoon lang talaga si Jasmine tuwing klase nito o sadyang dinapuan na ito ng sakit sa pag-iisip. Kanina pa ito nakanganga sa kanya. Bawat kilos niya ay sinusundan ng eyeballs nito, kulang na lang kudlitan ng heart shape ang dalawang mata nito.

Hindi siya masyadong makapag-concentrate sa pagtuturo, ngayon lang siya naisalang sa ganoong mga titig. Na halos maging ang paggalaw ng dulo ng daliri niya ay napapansin ng bubuwit. Oo na, 'bubuwit' na ang palihim niyang tawag sa makulit na si Jasmine!

Noong una, parang maliit niya itong kapatid, binibigyan pa niya ito ng candy noong

elementarya ito at high school pa siya. Pero nang tumuntong na ito sa grade six, nagsimula na ang panunukso ng mga kabarkada niya noon. College na siya noon at naging kapansin-pansin ang hindi pangkaraniwang paghingi ng atensyon sa kanya ni Jasmine, animo'y hindi na ito bata at isang maliit na dalaga na. Pero lihim sa kanya ang pagbuo ng unti-unting hinala na 'crush' siya nito.

Sanay na dapat si Wiliam sa mga ganoong uri ng paghanga. High school pa lamang siya ay marami na ring babaeng nag-confess na crush nga daw siya ng mga ito kahit masungit siya o di palapansin. But garnering Jasmine's almost brutally showy affection carried a different note within him. Nasanay na kasi siyang parang kuya nito.

Kaya ganoon na lang ang gimbal niya nang ianunsyo ng papa niya ang pagpupumilit na ipares siya kay Jasmine.

Mukhang may ka-love team na rin naman ito, na kasalukuyang nahagip niyang nakatunganga ngayon kay Jasmine sa ilang layo ng silya sa mga kumpol ng estudyanteng kaharap niya ngayon. Ba't hindi na lang kaya dito ibunton ng 'bubuwit' ang tampurorot na pag-irog nito? Iwas-stress pa

sa kanya.



“Miss Ferrer, right?”

Sa biglaang pagsambulat ni William ng tawag sa kanya gamit ang malamig at baritono nitong boses ay tila natauhan ang dalaga. Napatayo nang wala sa oras si Jasmine. Napansin niyang umakto itong parang hindi siya kilala.

“Mukhang nakikinig ka nang mabuti.” Nagpakawala ito ng isang ngiti. “As the highest rater for the entrance exams of freshmen in this university, would you mind supplementing some thoughts to the class again about what I’ve discussed, Miss Ferrer?”

“D-discussed?” maang niya, naglahong parang bula ang kanina’y invisible heart shapes sa kanyang mga mata. *Ngak! Mukhang gumaganti si William!*

“Yung legislative, executive, at judicial branch sa sistema ng gobyerno,” supply sa kanya ng information ni Darren, ang pangalawang pinakamataas sa kanya sa ratings ng entrance exams. Ngumiti ito sa kanya at napasipol ang buong klase. Napatuon muli ang pansin ng dalaga kay William na ngayon ay hindi na ngumingiti. He really looked professor-like,

dignified, mas nag-mature ito sa get-up at aura, pero animo’y nadagdagan naman ang kung anong kakisigan at kaguwapuhan na mayroon ito. He looked more polished, at nandiyan pa rin ang lamig at animo’y mysteryosong katahimikan at pader na inihaharang nito sa sarili. Mukhang wala talagang balak si William na i-acknowledge siya bilang isang kakilala.

“Err...” Napahugot siya ng hangin. Napag-aralan niya ito! Mukhang naaalala naman niya, pero hindi kasi siya nakikinig sa lumalabas sa bibig ng lalaki. Ang bibig lang nito ang tinitigan niya, o di kaya ay ang bawat galaw, bawat taas ng dibdib. Na-overwhelm yata siya! “The legislative, err.. and the executive—”

May dalawang minuto rin niyang pinilit na magpaliwanag sa alam niyang bali-baligtad at ewan ba niya kung saang baul niyang kinuhang sagot nang bigla siyang putulin ng lalaki at marinig na niya ang background na pagtawa ng mga kaklase.

“I find it quite disappointing that the rating results did not quite match your performance in the actual, Miss Ferrer,” tugon nito, shutting her up in a second. “I don’t tolerate someone who doesn’t live his or her life for the pursuit of

knowledge and life. At tulad ng pulitika, Miss Ferrer, hindi sa lahat ng oras ay nadadaan lang sa kasikatan at kayamanan.”

Napaupo siya ulit, nakabusangot ang mukha.

Hay... maikukuwento niya ang experience na ito kay Nichola. Nakadama siya ng lungkot pagkaalala sa kaibigan. Matapos nilang mag-graduate ng high school ay lumipad na ito patungong Canada kung saan nagtatrabaho ang mama nito bilang hospital attendant. Doon na rin ito mag-aaral ng kolehiyo. Malungkot man ay nangako pa rin itong dadalaw sa Pilipinas tuwing bakasyon nito.

Napatingin si Jasmine sa seatmate na si Julie, ang naging bagong kaibigan niya. Bakas ang curiosiity sa mukha nito pero ipinagwalang-bahala niya.



# Chapter Three



*Ang babaeng nakasuot ng puting-puting corset wedding gown na may long train veil ang mabagal na naglalakad sa red carpet sa aisle ng simbahan. Animo'y napakaganda nito, kumikinang sa backlight ng sinag ng araw ang malambing at masayahing mukha nito, habang nakaayos ang buhok nito sa diamond-beaded tiara.*

*Si Amber.*

*Then, she was drawing closer, nearer, unti-unti ay mas kumaklaro ang mukhang iyon. Then, he heard the bells ring, it was deafening. Ngumiti ang babae. Then, in one second, animo'y nag-distort ang mukhang iyon, nag-transform.*

*“William!” Tumalun-talon ang bultong iyon,*

*lurching forward to him.*

*“J-Jasmine?” Sa gimbal ng binata ay napaatras siya.*

*“Bakit? Fiancé kita, hindi ba? Pakakasalan mo ako, di ba?” Her face glowed; she was pretty and she was blushing. She raised her small and young face. She had this lively glow; her energy was simmering in her skin. Singkitin ang mga mata nito, maputi ito at animo’y isang makulit na kuting. She had this shrewd smile on her lips. Nakalugay ang maitim at tuwid nitong buhok. She was Jasmine. Sa isang iglap pa, bigla itong huminto at ngumuso.*

*Isa lang ang gustong ipahiwatig ng ‘bubuwit’. Gusto nitong magpahalik! Logic! This creepy attention-sucker young pretty gremlin! She inched forward, habang ini-crane niya ang ulo palayo. Pero hindi niya maiwasang sulyapan ang mga labi ng dalaga. They were pinkish, parang lip balm lang ang inilagay nito. Her lips were full and for a second, he wanted to snatch that innocence na ipinangangalandakan ng mga labi nito, so inviting... like enticing him to taste the cherry on top of a cake...*

*Tumulo ang iilang butil ng pawis mula sa noo ni William. Let me go, you little brat! Ipinosisyon niya ang sarili, at bago pa man nito mailapit nang tuluyan ang mukha nito, mabilis na siyang*

*nakailag, napatalikod siya at napatakbo. Pero hindi lumaon, narinig niya ang pagkaripas ng takbo sa likuran niya. Sumisigaw si Jasmine, matinis ang malakas na boses nito. He ran faster, inaalikabok na ang tuxedo niya...*

*Pabayaan mo na ako! Hindi umiikot ang buong buhay mo sa akin!*

*He stopped in his tracks, dahil natigil na ang tumatakbong mga yabag sa likuran niya. Napalingon si William, and there she was, si Jasmine, nakangiti ito sa kanya. Wala na itong suot na wedding gown, naka-jeans at top na lang ito. Kumaway ito sa kanya, at bago pa man siya makakaway pabalik, tumatawa itong tumalikod. Nakita niyang hinablot ang kamay nito ng isang bultong hindi malinaw sa kanya. Napatakbo itong tumatawa, her usual, full of mirth laugh...*

Biglang dumilat si William. Sumalubong sa paanan niya si Maltze, ang yellow Labrador retriever na limang taon na niyang alaga, regalo sa kanya ni Amber nang mag-graduate sila noon. Maltze licked his cheeks, animo'y na-detect nitong may sumagabal sa kanya. "I had a rather weird dream, Maltze..." kausap niya dito. Nasapo niya ang kanyang noo.

"William, hijo..." salubong sa kanya ng ama

niya sa kusina. Nagbubuhos ito ng gatas mula sa karton sa cereals nito, may sipi ng newspaper sa isang kamay. “What do you want to do after your first week in the university?”

God, he wanted to sleep more, pero baka may mapanaginipan na naman siya ulit! Teaching was not as easy as he thought it was, but it was rather freeing. Pakiramdam niya may na-a-accomplish na siya sa mundo, something worthwhile. Makakapag-isip rin siya kung isisingit pa ba niya ang pagkuha ng Law. He dreamed of himself as the courtroom man too, like his father, pero marami pa siyang pagdadaan.

“I want to just breeze around,” tugon niya. “Siguro’y pupunta ako saglit kina Amber, so Maltze can meet a few of his friends.” Ipinagpapatuloy ni Amber ang dog salon, spa and services na negosyo ng pamilya nito. Napaupo ang binata sa stool, kumuha ng spare spoon at dumukot ng cereals sa bowl ng ama. His father was a fifty-plus healthy man with glasses. Everything became different simula nang mawala ang kanyang ina. Wala nang nakahandang cereals tuwing umaga para sa kanilang dalawa ng ama niya.

God, how much he missed his mom!

Napatikhim ang kanyang ama, inagaw ang bowl mula sa kanya. “No, you make your own,” ngisi nito. “So how is my future daughter-in-law doing?” Napakanatural ng biglaang pagkakasambit niyon ng ginoo, halos mapaubo si William at maibuga niya ang bagong lunok lang niyang cereal.

“Why?” May amusement sa ngiti nito. “Is she giving you any headache?”



Malaking ngiti ang pinakawalan ni Jasmine nang ipatong ang bento box sa lamesa ni William. Pati iilang Japanese cuisine ay alam na niya; pinagpaguran niya iyon kaninang umaga. Kung tatanggalin ang panyong takip ng plastic box, makikita ang inihugis niyang ulo ng kuting na may katabing panda bear.

Wala pang tao sa faculty room. Sinadya niya talagang alas seis pa lang ng umaga ay maghintay na sa labas niyon. Mabuti na lang at binuksan na ni Manong Guard at napapasok na rin si Manang Janitor, nag-alibi siyang may project na ipapatong sa lamesa ng isa sa mga professors.

Biglang future wife ni William, gusto sana

niyang ipakita na may angking galing rin siya sa pagluluto. Nangangalahati na siya sa tagumpay niyang pag-exit sa pintuang iyon nang bumulaga ang isang professor na namukhaan niya. Ito ang pinagtanungan nila ni Julie may ilang linggo na ang nakakalipas...

*Argh! Ba't early bird ka, prof? Shoo! Hala, magkatabi sila ng table ni William!*

“M-may pinasa lang po akong project kay Ma’am... Ma’am Racquel.” Napatalikod siya at kakaripas na sana ng takbo nang marinig ang animo’y isang amused na tawa.

“Actually, sa katabing office nito ang table ni Ma’am Racquel,” supply nito at itinuro pa ang isang katabing pinto ng silid na iyon. “I’m Prof Jeff.” He flashed his white perfect teeth. Napalulon siya ng laway. Gusto niyang iumpog bigla ang ulo sa katabing dingding.

“Ah, wala!” tawa niya. “Prof, babalikan ko na lang mamaya, pag free time na.” Isang matamis na pekeng ngiti ang ibinigay niya rito.

“S’an bang table mo nalagay? Kay Ma’am Rachel ba? Nalito ka, ano? Ako na lang ang kukuha at magbibigay kay Ma’am Raq—”

“Ah, huwag! Salamat na lang po!” *Ang kulit mo, Prof!*

“Ano’ng problema diyan, Jeff?” bungad sa kanila ng isa pang boses. Natigilan si Jasmine dahil doon.

Si William ang isa pang early bird.

“Itong si Miss Little Gal with a fiancé, pumasok nang maaga at may ipinasang project sa table ni Ma’am Rachel. Pero kay Ma’am Raquel sana ibibigay, nalito yata,” turan ni Jeff, na hinawakan ang balikat niya. “Huwag kang mag-alala, hindi kami nangangagat ng Prof William mo. Halika—”

Biglang napapitlag si William, mukhang nabasa yata sa reaksyon sa mukha ng dalaga ang nakaambang panganib, este, katangahan na namang nagawa niya. “K-kung ano man ‘yun, ako na lang ang magbibigay.”

Napatanga si Jasmine, binitiwang siya ni Jeff. “Really?” anito.

Napakagat-labi siya. Naku! Paano pag nabistong wala naman talagang nakapatong ngayong ni maliit na atom sa table ng Psychology teacher nila?



“Estudyante ko si Miss Ferrer, I may be glad to handle her affairs,” tikhim ni William, sinu-survey ang mukha ng bubuwit. Ano na naman

ba ang ginawa nito this time? Mabuti't hindi na nagpumilit pa si Jeff, at pinanood nila ang bubuwit na biglang kumaripas ng takbo palayo sa kanila.

Jeff sighed. "That young gal, I can't wait for her to grow fast for a little bit more. Napaka-cute niya, hindi ba? And she would be lovelier. I guess that fiancé of hers is a very lucky boy..."

"Man..." pagtatama ni William. *Damn!* Ano ang nasabi niya? Biglang napalingon si Jeff sa kanya, animo'y may sumilip na amusement sa mga mata nito, pero iniwas rin niya rito ang tingin.

Napaaga sila ng pasok ni Jeff dahil sila ang naatasan ng kanilang department upang mangasiwa sa isang symposium na gaganapin ngayong umaga. Kailangan pa nilang i-follow up ang mga pamphlets at ang speaker.

Nandoon na sila sa sarili nilang mga mesa nang mapansin ni Jeff ang bagay na nakapatong sa table niya. Nakabalot iyon sa red hanky at nasa gilid ng globe stand niya. Sinabi niyang hindi niya alam kung ano iyon. Napatayo ang tsismosong si Jeff at nakiusyoso sa table ni Ma'am Rachel.

"Parang wala namang naiwan dito si Miss



Little Gal, ah,” turan nito at napabalik sa sariling table.

Napasulyap si William sa red hanky at naalala bigla si Jasmine...

Bago pa man niya mahablot ang red hanky ay mabilis na iyong nakuha ni Jeff. Bumandera sa paningin nilang dalawa ang isang cute bento box na may animo’y design ng pusa at panda bear.

“Wow!” Parang isang batang biglang napatawa si Jeff. “Wow, this is cute!” Akmang dudukutin nito ang isang mata ng panda bear nang mapatigil bigla. Napatingin ito sa kanya na nakanganga habang nakaupo sa swivel chair niya. “Pare, kung hindi mo dala ito, ibig sabihin may secret admirer ka na. Whoa!” Napailingiling pa ito. “At nilagay niya ito sa table mo. Well, may pumasok dito at sino kaya—” Napatingin itong muli sa kanya at biglang lumiit ang mga mata nito.

*Sumosobra na ang bubuwit!* Once and for all, tuturuan niya ito ng leksyon! Hindi lang siya ang pinapahamak ni Jasmine, pinapahamak rin nito ang sarili.



Maaga pa at wala pang masyadong

estudyante. Nang mapansin ni Jasmine na nagsimulang pumatak ang ulan, kinuha niya mula sa bag ang baong pulang payong at binuksan iyon. Napangiti siya at naalala ang box. Sana naman mapangiti rin niyon si William.

Napasilong siya sa isang puno nang mamataan mula sa di-kalayuan ang tumatakbong si William, at papunta ito sa direksiyon niya!

Tumigil ito sa harap niya. His face looked grim.

“You should stop doing what you’re doing, Jasmine,” umpisa nito na animo’y naging military commanding officer. “Akala mo ba nakakatuwa lahat ng ginagawa mo at gagawin mo pa? Dapat mong malaman na hindi lang ako ang pinapahamak mo...” Hindi nito itinuloy ang sasabihin dahil mabilis na nitong naibalik sa kanya ang box na may balot na red hanky. Dahil sa gulat ay hindi niya nahawakan agad ang box. Nahulog iyon sa paanan nila.

“Para sa ‘yo naman ‘yan. Saka kahit hindi mo pa ako pagsabihan, dadalhan pa rin kita niyan kasi gusto ko,” matigas niyang tugon.

“Nakita mo ba ‘yan?” Itinuro nito ang nagkalat na pagkain. “Nakita mo ‘yan? Sayang

lang. Sayang lang, Jasmine, dahil sa huli, ayokong tanggapin! You don't have to do this. Isa pa, don't just stroll around claiming you have a fiancé, it isn't funny at all. Kung ako ang tinutukoy mo, well, I'm sorry dahil hindi ako pumapatol sa bata!"

Pakiramdam ni Jasmine ay sinampal siya nang malakas. Biglang nanikip ang dibdib niya, at sa isang segundo ay nakaambang tumulo ang luha niya. Mabilis siyang humugot ng hangin. "I'm sixteen, but I won't stay as a teenager forever. Tatanda rin ako. Ang mahalaga, alam kong gusto kita, noon pa. At hindi dahil bata pa ako, masasabi n'yo na lang na kalokohan ang nararamdaman ko! At hindi ako titigil hangga't hindi mo rin na-a-acknowledge na totoo 'tong kinikilos ko!"

Napatango ito. Sa unang pagkakataon, nagawa siyang komprontahin ni William, and she discovered it didn't feel so good at all. Mas higit pa ito sa papa niya kung pagsabihan siya. Tahimik lang ito, pero pag bumuka ang bibig nito at mapagdesisyunan nitong magsalita, lahat ng letrang nasasambit nito ay tila mabigat at matimbang.

"We can still be friends, Jasmine, or you can

take me back as your big brother. Hindi lang ang edad ang problema dito o ang kasunduan, ikaw ang problema, Jasmine. You think your existence revolves around me. Bata ka pa, don't come fast growing up. Marami ka pang dapat matutunan. And I would be proud to see that Jasmine... that Jasmine who's not running towards me, but that Jasmine who is running away from me, freely..."

Her grip tightened on the umbrella handle. Mas lumakas ang bagsak ng ulan, at huli na nang ma-realize niyang sa puno lang nakasilong si William. Napatakan na ng ilang butil ng ulan ang polo shirt at mukha nito.

"Hindi ako tatakbo palayo sa 'yo," matigas niyang usal, hindi mabasa ang expression ng mukha niya. "B-basta, hindi ako tatakbo palayo sa 'yo kahit ano'ng gawin mo..." dagdag niyang pumiyok ang boses.

"Puwes, wala na akong magagawa kundi pilitin ka," sagot nito.

# Chapter Four



nis na inubos niya ang cone ng ice cream. Kanina pa pumapailanlang mula sa public address system na nakakalat sa buong university ang love note na hindi na niya mabilang na ipinadala ni Darren, lahat patukoy at naka-dedicate sa kanya! Intrams ngayon, at isang pakulo nga ng university ay ang mga pa-love note na anunsyo sa buong eskuwela. Ilang hiyawan na ng mga kumpulan ng dalagita ang sumira sa eardrums niya, at kabilang dito ang masasayang activities at games.

“Psst! Nood tayo maya, ha? Maglalaro daw ang mga profs, kalaban ang sophomores! Sali d’un si Sir William. Trivia, kasali pala siya sa

varsity noon dito. Wow, hindi lang pang-utak, pang-sports pa!” Animo’y kiniliting napatawa si Julie na nakaupo sa gilid niya. “At siyempre alam kong pupunta ka dahil star player ang fiancé mong si Darren!” anito.

Hindi alam ni Jasmine kung kailan pa niya maipagtatapat kay Julie ang lahat. Nagustuhan naman niya ito bilang kaibigan, pinapatawa at pinapangiti siya nito, pero minsan ay gusto niya itong sabunutan sa katangahan.

*Pupunta ako, dahil nand’un nga ang fiancé ko. Si William. Wa epek ang ginawa nitong pagkompronta sa kanya noon na animo’y may post-menopausal tantrums ito. Jasmine was back with a vengeance. Lihim siya napatawa. Plus bonus pa ‘yung malapit na ang debut ko! Humanda ka, William! May isang salita ako, hindi ko babaliin ‘yung binitiwang kong ‘Hindi ako tatakbo palayo sa ‘yo!’*

Pero tinotoo ni William ang pagpupumilit nitong tumakbo nga daw siya palayo. Kung noong una ay tinatawag pa siya nito sa klase, kinalaunan, kahit ilang taas pa ng kamay ay hindi na siya nito tinatawag. Mabuti na lang pumasa pa rin siya sa subject nito kahit na tres ang grado niya. Pag dumadalaw siya kay Tito

Arthur kasama ang papa niya, lagi itong wala sa bahay, kesyo daw naroon ito kina Amber kasama si Maltze.



Halos mahulog sa bleachers si Julie sa lakas ng pagkakahampas niya.

*Darren, huwag ka nang magpasikat!* Maisu-shoot na sana ni William ang bola nang bigla itong agawin ni Darren.

“Ano ka ba, Jasmine! Ako dapat ang humahampas sa ‘yo, ano!” pandidilat ng kaibigan at biglang tumili na naman nang maagaw ulit ni William ang bola na hawak ni Darren.

Hindi niya akalaing naglalaro rin pala ng basketball ang lalaki, not with his demeanor, pero alam naman niyang maaari rin itong maging marahas o maangas kung gusto nito. She silently knew he had that streak on him dahil minsan na niyang naranasan ang pagsalitaan nito ng masakit.

Sa pag-iisip ni Jasmine ay hindi na niya nasaksihan ang minsan pa’y pag-aagawan ng bola ng mga manlalaro. Ang narinig na lang niya ay ang malakas na pagpito ng referee at ang pagtayo ng mga kapwa estudyante sa bleachers. Napansin niyang nakabuka ang mga labi ng

nakatayong si Julie habang nakatingin sa court. Napatayo na rin siya, at nakita niyang nasa sahi ng court na si William, mukhang napaano ito. Ang tanging naalala niya, dinaluhan na ito ng isang medic.



Hawak ang isang fruit basket sa kamay, tinahak ni Jasmine ang pasilyo ng ospital. Dadalawin lang sana niya ang binata, sasabihin ditong ipinaaabot ng Papa Sam niya ang mga prutas. Nagkaroon ito ng injury sa paglalaro ng basketball noong intrams nila. Ikalawang araw na ng confinement ni William sa ospital pero ang balita niya, lalabas na ito bukas. Nais niyang gumaling na ito dahil hindi niya gustong nahihirapan ito at isa pa, gusto niya itong makasayaw sa debut niya. Kahit pa nga wala na siyang party, basta makasayaw niya ito ay makokompleto na ang espesyal na kaarawan niya.

Binuksan niya ang pinto ng hospital room ni William. Ngunit nang salubungin ang pandinig niya ng malutong na tawanan, hindi niya naipagpatuloy ang tuluyang pagbukas ng pinto. Sa halip, nagdesisyon siyang iawang lamang nang kaunti ang pinto, tamang-tama



lang upang madinig niya ulit ang pamilyar na tawang iyon ng isang babae, si Amber.



“That punk must have really shoved you so hard huh?” ani Amber, morena ito at mala-modelo ang contour ng mukha. Nagulat siya nang makitang pinaiklian nito ang buhok. “Is he the one courting your fiancée? Hmm?” Muli itong napatawa, wari’y tinutuya siya.

Napailing si William. “Walang may kasalanan, though, masyado nga niya kong natulak. Sa tingin ko may pinanggagalingan naman ‘yun—” Nahagip niya ang paggalaw ng pinto. Nagsawalang-kibo siya, pero sa gilid ng mata niya ay alam niyang si Jasmine iyon.

Napatikhim siya, sinigurong mataas ng isang tono pa ang boses, “And for Jasmine, as you know, I did not even agree to that supposed arrangement, at hanggang ngayon, hindi pa siya natututo...”

“Oh, well...” Nagkibit-balikat ang kausap at tinitigan siya. “That pretty young child who kept on pestering you must really have the nuts for you. Kawawa naman.”

*Jasmine, you need this. You need this dose of*

*medicine, and turning eighteen doesn't give you a license to fully make yourself more of a fool over me! You've been doing so bad, at pati mga tao sa paligid mo ay hindi mo na napapahalagahan dahil sa 'kin...*

Naalala ni William, minsan sa locker room bago ang laro. Palabas na sana siya matapos ang pagbibihis nang harangan siya ng isang binatilyong kilalang-kilala na niya. Sinabi nitong kilala siya nito, kung sino talaga siya sa buhay ni Jasmine, at hindi daw ito tanga. He was awed by that young man's demeanor. Alam niyang hindi ito nakikipag-usap sa isang professor nito kundi nakikipag-usap ito sa kanya bilang kapwa lalaki. And that courage, that confidence reminded him of himself when he was younger. He listened to him. Like when Stephen listened to him in the past.

Si Stephen ang nakatatanda niyang pinsan, six years his senior at itinuring niyang malapit na kaibigan. Nagkakagusto na siya noon kay Amber, ngunit nagsimula na ring magparamdam si Stephen sa dalaga noon. Nagkakilala ang dalawa dahil sa kanya.

Kinausap niya si Stephen na maghintay muna, dahil high school pa lang sila noon ni Amber. At sa oras na tanggapin na ito ng babae

sa tamang panahon, sinabi niyang alagaan nito ang kaibigan, at huwag pakakawalan.

Sa usapan nila ng binatilyo, sinabi nitong mahalaga dito si Jasmine, at pag dumating daw ang araw na tanggapin na niya si Jasmine ay huwag itong pakakawalan.

“It’s just I can relate to her, you know...” Napasinghap si Amber at napangiti sa kanya. “Her situation reminds me of myself when I’ve fallen young for Stephen.”

“Yeah, yeah, pero magkaiba pa rin kayo ng kwento,” pagpapatuloy ni William, sinigurong nakasilip pa si Jasmine. Napakunot-noo si Amber, nakatingin lang sa kanya. “Dahil mahal ka rin ni Stephen...” dugtong niya.



Biglang naisara ni Jasmine ang pinto at napasandal doon. Hindi niya alam kung ba’t bigla siyang nanginig. Sa panginginig niya, gumalaw ang basket at nahulog doon ang isang mansanas at gumulong iyon palayo. Animo’y narinig na niya ang matagal na niyang alam, pero hindi niya gustong alamin; ang dahilan kung ba’t iyon ang pakikiharap na natatanggap niya mula kay William.

It was crystal clear and it freaked her out.

Hindi pa siya handa para tuluyang malaman na masakit rin pala, masakit ring magmahal...

William was her first love, but then she knew she wasn't his first love. And the worst of it all was that she never knew if she could ever have a place in his heart or never at all. Natanaw niya ang pagpulot ng isang kamay sa nahulog na mansanas. Nang itaas niya muli ang may luha nang mukha, natanaw niya ang isang bulto. Si Darren.



Napatawa si Amber sa tinuran niya saka napailing-iling. “No, William, no...” At makulit na dinuro nito ang noo niya habang nakahiga siya sa kama. “Hindi kami magkaiba ni Jasmine, what differs is the perception of the men we were rooting for...” Napasulyap ito sa pinto, animo’y alam nitong gumalaw iyon nang kaunti, at tuluyang napasara.

Sa pagkakataong iyon, ang babae naman ang napakunot ang noo. “Wala kang maililihim sa ‘kin, William, alam ko ‘yung ginawa mo n’ung high school tayo, ‘yung pagkausap mo kay Stephen! Ikaw ang nagbawal sa kanya na mag-flirt sa ‘kin, na hintayin ang pagtatapos ko sa college, then after that time, you’ll assure him

that I'm all his for free!"

Napamaang si William.

"But I'm glad you did, though, I can't still quite agree up to now about your perception on love. You're the conservative type, an idealist. Pero ako man, hindi ko rin talaga alam kung ano'ng tama, kung may tamang edad ba talaga ang pag-ibig o para maging tama 'yung pag-ibig ay kelangan ng panahon at paghihintay?"

"Amber, I think you're blabbering an almost alien thing to me..."

"This is my guess, but I think you're just protecting her, to be all set for the right time. Ginagawa mo 'yan, to the extremes na hindi mo na alam kung mali ka na, William. Walang tamang edad o panahon ang pag-ibig, walang tamang aspeto o istorya—"

"Pero meron," putol niya. Napatitig siya sa best friend niya. "I executed that for the both of you, kayo ni Stephen, and it went well. You're going strong because you started it as two mature individuals. Naghintay si Stephen para sa iyo. It's been years and now..." Napatigil siya, hinablot ang kamay ng kaibigan. "Tell me about this ring na kanina mo pa tinatago." He rubbed the silver ring in Amber's finger.

Napatikhim ang babae, biglang nagbago ang ekspresyon ng mukha nito. “I’ll tell you only if you tell me the reason kung ba’t sa tingin ko pinoprotektahan mo rin si Jasmine, tulad ng ginawa mo sa ‘kin noon. Talaga bang walang pag-asa, William, na magustuhan mo man lang si Jasmine?” may pag-aalala nitong tanong.

The question was handed carefully, it felt like a whisper.



“Baliw ka ba? ‘Yang tanong mo, masasagot mo kung itinanong mo rin sa sarili mo kung ba’t minamahal mo ‘yung taong mahal mo kahit hindi ka niya sinusuklian. O, ano, tatanungin mo pa ba ulit sa ‘kin kung ba’t nagustuhan kita?” Patuloy na pinapak ni Darren ang mansanas habang bitbit na nito ang basket na dala kanina ng dalaga.

Natahimik si Jasmine, sinulyapan ang kausap. *Tama siya, walang dapat konkretong dahilan kung bakit gusto o mahal mo ang isang tao.* “Pero...” kumunot ng noo niya, “hindi ko pa rin maintindihan. Marami namang mga babae—”

Napatigil siya nang itaas ng binata ang mansanas. “Nakikita mo ‘tong mansanas na ‘to, Jasmine? Mahal kita dahil dito, p’wede na ba

‘yun?’”

Napaikot ang mga mata niya. “T-teka nga pala, ba’t ‘andito ka? Dadalawin mo ba si William?”

Napatawa ito. “Si William? ‘Yung balukaw na ‘yun? Naku, hindi!” malakas nitong iling. “Trivia lang, alam mo bang may palihim na tawag siya sa ‘yo? Bubuwit!”

“Ha?” madilim niyang maang. “N-nakausap mo siya?”

Napangisi si Darren. “Sikreto na lang namin ‘yun. Siyempre kelangan kong kausapin ang fiancé ng fiancée ko, hindi ba? Kaya huwag ka nang umasa d’un, tutal naman hihintayin kita hanggang forever. Okay ba?” Kumindat ito sa kanya.

“Huwag mo nga akong kindatan! Bugbugin kita diyan, eh!” pandidilat ni Jasmine.

Ilang lakad na ang nagagawa nila sa pasilyo nang tumigil si Darren sa labas ng ICU. Tumikhim ito at lumingon sa kanya.

“G-gusto mo bang bisitahin ang future mother-in-law mo?” Malamlam itong napangiti, at sa kauna-unahang pagkakataon, nakita niya ang pagkintal ng lungkot sa mga mata nito.

Ngayon lang niya nalaman na noong first

year high school pa naulila si Darren. Ang buong akala niya ay pasaway at pagala-gala lang ang kaklase, pero may dinadala pala itong mabigat. Ilang taon nang comatose ang mama nito dahil sa isang aksidente na ikinamatay rin ng papa nito. Lahat ng yaman noon na natikman nito unti-unting nawala dahil sa pagbabayad sa patuloy na pagpapaospital sa ina nito. Nakatira na lamang ito sa paupahang apartment ng tiya nito.

Pinanood niya ang paglapit ni Darren sa kamang iyon, hindi niya napigilan ang pagpatak ng luha niya. Naalala niya ang mama niya.

Isa lang ang pangarap nito sa buhay para sa kanya, ang sumaya daw siya at ang maging matatag siya.

Pero paano kung minsan dumating na lang bigla ang mga pagkakataon sa buhay niya na uubos sa lahat ng katatagan at pasensya niya?